Sagot sa disaster: Wika ng Seguridad ng Kaligiran

Pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino ang pagbubukás ng **Wika ng Seguridad ng Kaligiran: Pambansang Seminar** sa **21-23 Oktubre 2014** sa **Hotel Venezia, Washington St., Lungsod Legazpi, Albay.**

Itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Climate Change Academy of the Philippines, Tanggapan ng Gobernador ng Albay, at Tanggapan ng Punongbayan ng Legazpi ang nasabing seminar.

Itatampok sa pambansang seminar ang mga mungkahi at kongkretong solusyon sa mga suliraning kaakibat ng **climate change** at kaugnay ng paggamit ng wikang Filipino at iba pang wika ng Filipinas nang maiwasan ang panganib at sakuna.

Bibigyang diin dito ang Atas Tagapagpaganap Blg. 335 ni dating Pangulong Corazon C. Aquino na nagtatakda na magamit ang Filipino sa opisyal na transaksiyon, komunikasyon at korespondensiya upang lalong maunawaan at mapahalagahan ng sambayanang Filipino ang mga programa, proyekto, at gawain ng pamahalaan sa buong Filipinas.

Layunin din ng seminar na ito na ipakita ang mabisang paggamit ng Filipino sa iba’t ibang pagharap sa mga kalamidad at kalamidad.

Dadaluhan ng mga opisyal at kinatawan ng mga barangay sa buong Filipinas at pribadong indibidwal o institusyon na nagnanais maging bahagi sa pagtugon sa mga usapin ng climate change ang seminar

Makatutulong ang seminar na ito upang mapataas ang kamalayan ng mga Filipino sa seguridad ng kaligiran at ito ay magiging hamon sa lahat na mag-ambag at kumilos para tugunan ang mga suliraning pangkaligiran.

Bukás ang pambansang seminar sa lahat at kung mayroon kayong tanong o paglilinaw, maaaring makipag-ugnayan kay Lourdes Z. Hinampas (0928-3485870/0932-6348721, jinghinampas@gmail.com) o tumawag sa 736-2529/736-2525 lok.105.